ABISO NG MGA PAMPUBLIKONG PAGDINIG SA HARAP NG KONSEHO NG LUNGSOD NG PLEASANT HILL
(Paglipat sa mga Halalan na Nakabatay sa Distrito para sa mga Miyembro ng Konseho ng Lungsod)

Ang PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO na sa Hulyo 17, 2023 ay naka-iskedyul na magdaos ang Konseho ng Lungsod ng Pleasant Hill ng pampublikong pagdinig upang makatanggap ng komento mula sa publiko tungkol sa pagpapatibay ng isang ordinansa para sa mga halalan na nakabase sa distrito para sa mga Miyembro ng Konseho ng Lungsod alinsunod sa California Voting Rights Act (CVRA, Batas ng California sa mga Karapatan sa Pagboto).

Alinsunod sa seksyon 10010(a)(1) ng California Elections Code (Batas sa mga Halalan ng California), nagsagawa ang Konseho ng Lungsod ng mga pampublikong pagdinig tungkol sa pagtatakda ng mga hangganan ng distrito para sa mga halalan na nakabatay sa distrito noong Marso 20, 2023, Abril 3, 2023, Abril 17, 2023, Mayo 1, 2023, Mayo 6, 2023, Mayo 22, 2023, Hunyo 5, 2023, Hunyo 26, 2023 at nag-iskedyul ng pampublikong pagdinig tungkol sa pagpapakilala ng isang ordinansa sa Hulyo 10, 2023.

Inihanda ng demograpo ng Lungsod ang mga mapa ng pagkakahati-hati para sa halalan na sumusunod sa pederal na batas at batas ng estado na nagbabalangkas sa mga ipinanukalang hangganan ng mga pagkakahati-hati para sa halalan. Makikita ang mga draft na mapa sa website ng Lungsod sa www.pleasanthillca.org/districts. Sa pagpupulong nito noong Hunyo 26, 2023, inatasan ng Konseho ng Lungsod ang Abogado ng Lungsod na magbanghay ng isang ordinansa na magtatransisyon sa lungsod mula sa pamamaraan ng paghalal ng mga miyembro ng Konseho ng Lungsod nang pangkabuuan (at-large) patungo sa pamamaraan ng paghalal ng mga miyembro ng Konseho ng Lungsod na nakabase sa distrito gamit ang Mapa bilang 5 na tutukoy sa mga hangganan ng distrito, na pinag-iisipang ipakilala ng Konseho ng Lungsod sa pampublikong pagdinig. Iniimbitahan ang publikong magbigay ng opinyon tungkol sa nilalaman ng ordinansa. Ang mga nagnanais na mapakinggan hinggil sa aytem ay bibigyan ng oportunidad na gawin ito sa panahon ng pampublikong pagpupulong sa Hulyo 17, 2023 (7:00 p.m.).

Ang pampublikong pagdinig sa Hulyo 17, 2023 ay idaraos sa City Council Chamber (Kamara ng Konseho ng Lungsod), na matatagpuan sa 100 Gregory Lane, Pleasant Hill, California, 94523. Ipapaskil ang agenda bago ang pagpupulong bilang pagsunod sa mga iniaatas ng Ralph M. Brown Act at makikita sa www.pleasanthillca.org/agendas. Puwedeng mag-subscribe ang mga interesadong panig para makatanggap ng mga abiso ng agenda sa www.pleasanthillca.org/NotifyMe.

Makukuha ang abisong ito sa mga wikang Ingles, Farsi, Ruso Pinasimple at Tradisyonal na Tsino, Tagalog, Ukrayna, at Vietnamese sa website ng Lungsod sa www.pleasanthillca.org/districts. Kung may kilala kang miyembro ng komunidad na nangangailangan ng pagsasalin ng abisong ito sa iba pang wika o, kung bilang pagsunod sa Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong May Kapansanan), kailangan mo ng espesyal na tulong para makasali sa pagpupulong ng Konseho ng Lungsod, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod sa (925) 671-5267 nang hindi bababa sa 72 oras bago ang pagpupulong. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbibigay ng Lungsod ng mga accessible na komunikasyon sa publiko, bisitahin ang website ng Lungsod sa: https://www.pleasanthillca.org/812/ADA-Accessibility.

Juanita Davalos

Juanita Davalos, Tumatayong Klerk ng Lungsod

Petsa ng Paglathala: Hulyo 12, 2023